

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)

[25 October 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: I'd like to call Secretary Galvez. Yes, Secretary Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE

CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President, Mayor; Senator Bong Go; ES Salvador Medialdea; fellow Cabinet members; mga kababayan ko. Magre-report po ako ngayon tungkol po sa ating update sa ating COVID-19 Vaccination Program.

[Next slide, please.]

Sir, 'yung pangako po natin na makakarating po na 100 million ang ating vaccine this coming October ay mukhang magkakaroon po ng katotohanan dahil kasi po by this week kailangan na lang po natin is 2.3 million.

At more or less mga siguro po sa Wednesday or Thursday, darating na po 'yung mga vaccines sa COVAX at saka po 'yung mga donation ay baka magkakaroon na po tayo ng more than 100 million na vaccine. At 'yun po ay ise-celebrate po natin dahil kasi ibig pong sabihin no'n, 50 million po ang mababakunahan na natin before the end of the year.

Ang maganda po doon, Mr. President, we would like to thank your diplomatic --- diplomatic capital dahil kasi po malaki po doon, Mr. President, naka-gain ng traction po 'yung ating political relations with other countries. Kung titingnan po natin ang COVAX po at saka donation po ng other countries ay umabot na po ng halos 30 million po.

At ngayon po, marami pa pong nag-commit. Ang US nag-commit na naman ng another 2 million na nasabi na po natin na darating po most likely ngayong week. Ang Australia, nagbigay po sila ng ano, ng 100 concentrators

po, 'yung oxygen concentrators. Napakaganda po 'yun para sa mga island ano na po natin, and then nagsabi po sila na baka magbibigay din po sila ng vaccine.

Ang Japan po nagbigay po sa atin ng 1.9 [million]. Magiging 3 million na po 'yung kanilang donation. At kahapon po, Mr. President, ang China nakita po natin na ang nagsimula na sila po ang nagbigay sa atin, actually, sinelebrate (celebrate) po namin kahapon 100th shipment po 'yun at kasama po doon 'yung China na donation na another 1 million to make it 3 million na po ang na-donate ng China.

Magdo-donate din po 'yung ano, 'yung additional 'yung Germany, to make it 1.6 na AstraZeneca. And mayroon pa pong mga nag-donate, token po, nag-donate din ang Brunei. And then 'yung ano, 'yung --- 'yung other countries nag-ano rin po na magbibigay po sa atin. So ibig ko pong sabihin maganda po 'yung naging relations, sir, natin na talagang 'yung maraming countries na tumutulong na rin po sa atin.

And then ito pong ano, ito pong ating ano ating total supply sa ating warehouse, 'yung 41 million, ito po ay... Nag-call po ng meeting si Secretary Año last Friday to ano to emphasize your directive to immediately ramp up 'yung --- 'yung ano, 'yung ating vaccinations doon po sa mga municipalities at saka sa ating mga provinces. Kasama ko po doon si Secretary Duque, Secretary Vince at saka si Sec. Año, siya po ang nagbigay ng ano ng guidance, 'yung inyo pong directive na to make ano to make the ano the LGUs creative in order to fast-track 'yung ating vaccination program para makuha po natin 'yung target na 1.5 million per ano, per day.

So nagpapasalamat po kami kay Sec. Año dahil kasi po idiniin niya po 'yung ano 'yung directive na talagang magkakaroon po ng tinatawag natin na talagang close monitoring ang ating mga LGU para at least makuha po natin 'yung ating target, Mr. President.

And then sa ngayon po, ito pong ano po 55 million, ito po ang target po natin ngayong October. At imagine na mayroon pa po tayong one week, nakuha na po natin 'yung target na 55 million at saka 25 million. It represents already 33 percent ng ating target population and 23 percent of our total population. Nakikita po natin, Mr. President, baka makaya po natin talaga 'yung more or less 50 percent ng ating population makuha natin by -- by ano, by end of December.

[Next slide, please.]

Sir, ngayon po, bibigyan po natin 'yung importance ng accelerated vaccination of children and students. Nai-report po natin na maganda po ang nagiging daan ng ating pilot project doon sa ating mga vaccination. Dito po sa una, walong ano, walong ospital at saka ngayon 26 na hospital.

Ano pong importansiya ng tinatawag nating vaccination of children and student? Unang-una po, we want to protect our children from severe disease and hospitalization. Kasi nakita po natin noong Delta, almost 20 percent or 17 percent po ang nakita natin na na-hospitalize na mga bata.

And then secondly, we want to open schools early and protect our education sector economy. Nakikita po natin na marami pong nag-close na mga private --- private ano, private schools, at 'yun po nakikita natin may mga ancillary businesses na nag-close din po because marami pong nabubuhay na Pilipino dito po sa education sector.

Second, we have to mitigate 'yung social risks among children, parents and elderly. Nakikita po natin na 'yung ating mga kabataan nagsa-suffer na po ang mental health po din po niya. At kailangan po na talaga natin na bigyan natin sila nang kaunting leeway so that they can move around to play and also to ano, to study and also magkaroon po ng ano siya ng social ano po sa mga kanyang mga kaibigan. At the same time, makapag-Jollibee po sila at makapag-McDonald's doon po sa ano sa mga dine-in po natin. Nakita po natin talaga 'yung mga bata medyo restricted po lalo pa pagka Alert Level 4.

And then ito po, ang ano po natin is to further spur the economy and sustain consumer confidence during this pandemic. Ang ating pong mga ano mga private sector gusto po nila talaga na magkaroon ng --- magkaroon ng boom ang ating economy this coming ano fourth quarter. Kasi ito po talaga ang nakikita natin na makaka-recover po tayo because ito 'yung tinatawag nating spending during Christmas season.

So 'yun po ang inaano nila na talagang makapag-open po 'yung ano, 'yung ating economy. And we can only do that kung ma-vaccinate na rin po natin ang mga bata so they will have 'yung consumers' confidence to go out.

And then also, lastly, to recover the lost time of our children. Nakita po natin talaga 'yung almost two --- two ano, two years na nakaano po restricted po sila talagang nakikita po natin kahit tanungin natin 'yung mga psychologists, more than 300 to 400 percent karamihan po may mga depression na. So 'yung increase po ng ano --- increase ng ano, nag-increase ang cases of depression and also mga suicidal tendencies po ng mga bata natin.

And then ang pinakaano po natin, when we have some sort of a forum with our Israeli brothers na nagpunta po dito and also, I'm always talking with ano, with our ano, our Chargé d'Affaires of US, si ano po si Chargé d'Affaires Heather, talagang nakikita po niya na sabi nga niya na doon sa US very ano, very effective po `yung mga vaccines at saka very safe, more than 10 million na po ang nabakunahan sa US. And then they can move around. Sinasabi nga po ni Sec. Vince, mamaya mag-aano po si Sec. Vince, na parang talagang open na open na `yung US because most of the children are almost vaccinated, `yung ages from 12 to ano, 12 to 17.

And then also, ang inaano po namin talaga matapos po `yung children vaccination by December kasi magkakahalo-halo na po `yung vaccination natin sa third dose at saka first dose. Kasi in-open na po ng ano ng NITAG at saka ng All Expert Group na magkakaroon na po tayo ng vaccination third dose para sa ating healthcare workers at saka mga immunocompromised.

Ang maganda pa rin po maunahan --- maano po natin, maano na po natin -- - matapos muna natin po `yung ano, `yung ating mga kabataan at least mga December para at least ano po `yung mga ibang susunod na mga sector na magkakaroon po ng third dose after the healthcare workers hindi po magkahalo-halo at saka ma-priority po natin ang mga bata.

And then secondly, nakikita po natin talaga na ito pong ano, ito pong pagkaka --- pagka naging successful po tayo sa ano po, sa vaccination natin sa mga bata, ito po mawawala na po `yung stigma natin sa Dengvaxia. Ito po ang medyo nag-aano sa atin na nag-suffer ang ating ano, ang ating vaccination program even sa rubella, tigas at saka po sa ano sa polio because of that Dengvaxia ano stigma.

Kaya po `yung nakikita namin pagka once na matapos po `yung ating mga kabataan at saka mga estudyante, mawawala na po `yung mga stigma niyan at tataas po `yung ating tinatawag na acceptance sa ating vaccine katulad po na `yung pati `yung mga seniors ia-accept na rin po kasi `yung mga bata ang magko-convince na sa kanilang mga lolo.

[Next slide, please.]

Sir, ito na po `yung ano, `yung ating ano --- nagpalabas po ng ano, ng kanilang, kanilang opinion at saka positive opinion ang HTAC at ang ating All Expert Group para `pag nag-start na po tayo ng boosters sa ating mga healthcare workers. Ito po, alam po ni --- ni Senator Bong Go na marami pong mga ospital ang humihingi po ng tulong sa kanya para magkaroon na po ng boosters ang ating mga healthcare workers.

At ito po ay 'yung ano, inaprubahan na po ni Sec. Duque na magkaroon na po tayo ng boosters para sa healthcare workers. Pero kailangan po na lang nating i-amend 'yung ating tinatawag na Emergency Use Authorization para maging third dose na po 'yung ating ano, ating mga gagamitin sa mga bakuna.

So tiningnan po namin, ang pinaka-priorities po natin 'yung healthcare workers at saka immunocompromised and then the elderly. And then ang supply requirement po at saka 'yung secured doses po natin, sa healthcare workers we will allot more or less 2 million doses and we have enough doses for them. Irregardless of brand, mayroon po tayo na nakatabi. And then for the immunocompromised and elderly, we will be requiring 5 million, and we have also enough doses with the succeeding deliveries.

Sa ngayon po, ang ginagawa po ngayon, nakausap ko po si Usec. Vergeire, DOH will process the amendments of the EUA of the different branch that will be used for ano for the different tinatawag nating mga doses. At iyon po, pinag-aaralan nila. We will wait for the ano for the announcement of the All Expert Group kung puwede iyong tinatawag na heterologous or tinatawag na homologous na vaccination. Ibig sabihin, kung Sinovac po ang ano ang naging first two dose niyo, puwede kang turukan ng Pfizer or ano or Moderna; or AstraZeneca, puwede ka pong tusukan ng Pfizer. So iyong final guidance with the ano with the WHO SAGE hinihintay po natin po iyon.

And then ito po ang nakikita po namin na most likely we will start by November and also we will consider those vaccinated during the months of March. Sa March po, mayroon tayong na-vaccinate na 777[,908]; April: 1 million; and May, more or less 3 million; for a total of 5 million. Pero kasama po dito 'yung first dose at second dose. So most likely ang ating target na mababakunahan is almost 3 million kasama na po dito 'yung healthcare workers.

[Next slide, please.]

Sir, ito na po 'yung ating --- every ano every week, binabago po natin 'yung mga strategies po natin. So based doon sa napag-usapan po ng mga League of Governors and Cities, ang gagawin po namin nakapag-agree po kami na iyong LGUs will ramp up their first dose to 70 percent by end of November kasi inaano po namin pagka nag-70 percent by end of November, meaning kaya na po nating mag-70 percent by end of December or early January. And then, we will conduct iyong aggressive house-to-house

vaccination para makuha po natin iyong mga seniors and other priority sectors.

Sa ating ano `yung protecting the vaccinated and healthcare workers, so we'll start the administration of third dose to healthcare workers and vulnerable sector.

And then on the opening of the school, we will vaccinate teachers and students and personnel to at least 90 percent before the end of November. Si ano po si Secretary Popoy De Vera, sinabi niya po na 50 percent pa lang po --- 57 percent pa lang po vaccinated ang mga estudyante at ang kanyang mga teachers is more or less 85 [percent]. We will ramp up para at least by the end of November, 90 percent po iyong ano. Pupunta po ako sa Cebu para po mag-vaccinate ng mga dalawang universities po doon.

And then as is pa rin po iyong ating ano strategies in protecting the economy and also in achieving safe Christmas and National Election.

Iyon lang po, Mr. President, at kami po ay aming i-implement po ang inyong directive na talagang mag-ramp up po kami ng vaccination para makuha po natin iyong 1.5 million, Mr. President. And magpapasalamat po kami sa tulong ni Secretary Año para ma-impose po natin sa mga LGUs ang ating mga directive po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Salamat po. Now, can we have the panelist? We will start with Dr. Enrique Domingo.

FDA DIRECTOR GENERAL ROLANDO ENRIQUE DOMINGO: Magandang gabi po, Mr. President.

Si Secretary Duque po kasi ngayon ay nasa Regional Council Meeting po `no ng WHO kung saan pinag-uusapan po nung Western Pacific Region ang COVID-19. Kaya po ako po ang magbibigay sa inyo ng report namin sa DOH.

[Next slide, please.]

Makikita po natin `no tumutuloy naman po ang pagbaba ng mga number of cases na nakikita natin sa araw-araw. Today po, 4,405 ang bagong case. At ang maganda po kung ikukumpara po natin siya sa number of recoveries na 7,561 for today, makikita po natin na mas marami po ang gumagaling araw-araw kaysa sa mga bagong kaso na nadi-detect natin everyday kaya din po unti-unti lumiliit ang ating number of active cases.

In fact, 96 percent po 'no, mahigit 96 percent ng mga nagka-COVID sa Pilipinas ay gumaling na at iyon pong ating active cases ngayon ay 57,000 na lamang po, two percent na lamang po ng mga cases.

Ang pinakamarami pa rin pong cases sa NCR pero less than 1,000 na po. Today, 837; followed by Region II with 525; tapos po Region IV-A at saka Region III at saka CAR. Pagkatapos po no'n iyong iba ay pinaghahati-hati na po ng ibang mga region.

[Next slide, please.]

Kung makikita po natin iyong ating number of active cases, tayo po ay bumaba na. Number 27 na lang po tayo sa buong mundo kung bibilangin ang number of active na mayroong COVID ngayon sa Pilipinas.

Doon naman po sa cases per million population ay mababang-mababa po ang rank natin at 134. Iyon pong deaths per million, tayo po ay nasa 124 na rin po ang rank natin dito. Pero mas importante po iyong case fatality rate, ano. Sa Pilipinas po, 1.5 percent lamang po nang nagka-COVID ang mga namatay compared po ito sa global average na two percent.

Ang nakita po na sa atin ay talagang magaling po ang pag-aalaga ng ating healthcare workers sa mga nagkakasakit at nabalanse po natin 'no na hindi naman tayo masyadong ma-overwhelm lalo na po ngayong medyo pababa na ang mga kaso.

[Next slide, please.]

Dito po makikita natin iyong ating daily reported cases na bumababa na po talaga sa buong Pilipinas 'no. Para po sa linggong ito, bumaba po tayo ng 35 percent as compared to last week. Last week po, ang pagbaba niya ay 31 percent lamang. So very steep po iyong pagbaba ng mga kaso at kung makita po natin sa mga maraming kaso na regions katulad po ng NCR, Region VII, IV-A, Region III --- ito po iyong mga naka-depict dito --- eh uniformly naman po talagang bumababa sa lahat po ng mga regions especially po iyong mga region na talagang tinamaan nang maraming COVID cases.

[Next slide, please.]

Ito rin po, grinupo naman po sa mga clustering of islands 'no sa NCR, Luzon, Visayas, at saka Mindanao. At nakikita na rin po natin ngayon na uniformly bumababa na po ang mga number of cases especially po itong last two weeks. Dati po kasi may nakikita tayong mga lugar na tumataas pa habang

ang iba naman ay bumababa na. Pero sa ngayon naman po, sa buong Pilipinas ay pababa na po ang kaso ng mga COVID-19.

[Next slide, please.]

In fact po, kung titingnan po natin ang buong Pilipinas 'no, kasalukuyan lahat tayo po ay nasa low risk classification na --- the whole country in general. However, mayroon pa po tayong mga apat na region na medyo nasa moderate risk pa po 'no dahil medyo marami pa nga pong kaso bagamat pababa na po, and hopefully in the next few weeks ay magiging low risk na rin ang classification nito. Ito po iyong NCR, sa Region II, sa Region IX, at saka sa Region IV-B. So ito po iyong mga kailangan pa nating medyo tutukan at mag-iingat pa rin po tayo.

At mayroon din pong mga region na medyo bumababa nang kaunti iyong ano 'yung decrease 'no na medyo nagso-slow down po iyong rate ng decrease ng cases na kailangan bantayan din po natin at huwag lang tayong magiging kampante masyado 'no. Ito po ang Region IV-B, CARAGA, Region V, VII, at VIII. Continuous naman po iyong downtrend pero medyo nagso-slow down po iyong pagbaba ng kaso sa mga region na 'to kaya kailangan lang pong bantayan pa nang kaunti.

[Next slide, please.]

Ang maganda naman po iyong ating ano healthcare utilization rate ay sa buong bansa naman po ay hindi na tayo kritikal. Pero mayroon pa po tayong tatlong region, ito pong mayroong pink na shade: si Region II na mayroon pong 88.6 percent pa po na healthcare utilization rate; sa Region V; at saka po sa Region IX.

So ito po iyong mga lugar na binabantayan pa natin. Nagkakataon din po kasi katulad ng Region II at Region IX pati po ang Region V, medyo kakaunti po kasi ang ospital 'no sa mga lugar na ito. Kaya bagamat hindi naman ganoong sobrang daming case katulad ng NCR, pero iyong utilization rate po ng healthcare facilities ay mataas.

So ito po iyong patuloy po nating binabantayan at mino-monitor din po natin iyong mga mayroong moderate risk factors pa po katulad ng CAR at Region IV-B. Ito po kasi ang mga lugar na medyo mataas din po nang kaunti ang ICU utilization rate.

[Next slide, please.]

Dito naman po, patuloy ding bumababa iyon pong natatala natin na COVID-19 deaths sa bansa. Makikita po natin na nag-peak po ang ating ano 'no 'yung mga namamatay po from COVID mga four to six weeks ago. Pero sa ngayon po ay continuously bumababa naman po at sa lahat naman din po nung region na mga dating napaka-high risk katulad po ng NCR, Region VII, IV-A, at saka Region III. So uniformly, nagdi-decrease naman po talaga makikita natin ang death rate po 'no ang mga namamatay from COVID-19.

[Next slide, please.]

So iyon lang po ang paalala natin, mayroon po tayong decline in cases at all the levels. However, mayroon pa po tayong kaunting binabantayan 'no: si CAR, si Region II, Region IX, at NCR na moderate risk pa po ang classification.

And, of course, ito pong time na bumababa na po ang kaso, ito po talaga 'yung sana gusto nating ipaalala sa mga LGUs, it's a good opportunity right now na talaga pong habang hindi masyadong mataas ang load ng case eh talagang i-identify nang maaga ang mga may COVID, ma-isolate din po sila nang maaga para hindi na po makapanghawa and, at the same time, increase po natin 'yung ating vaccination rate para po habang medyo hindi malakas ang pagkalat sa community ay makapagbakuna po tayo nang mas marami.

And, of course, we really need the measures to sustain the decline dahil ang pinangangambahan po natin ay habang dumarating ang holiday season, ang mga tao baka po mas siyempre mas lalo pong lalakas ang mobility at lalabas po ang mga tao kaya kailangan lang po nating talagang strengthen 'yung adherence natin to our public health standards, paigtingin po ang pagbabakuna lalo na po 'yung mga vulnerable group. And iyon nga po, paagahan lang po talaga ang pag-detect kung may kaso at ma-isolate po agad.

PRESIDENT DUTERTE: Sunod si Chairman Abalos. Let's see our updates.

MMDA CHAIRMAN BENJAMIN "BENHUR" ABALOS JR.: Magandang gabi po, Mahal na Pangulo; Senator Bong Go; ES Medialdea; at of course, sa lahat po ng mga Cabinet members po ngayon.

Ipapakita ko lang po ano iyon pong nangyayari on the ground po, tama po si Dr. Domingo, mababa na po talaga ang kaso kaya itong mga pictures na ito, kinunan ko po --- kagabi po ito 'no, tanghalian, at ng gabihan. Makikita niyo po sabik po ang taong lumabas pero 'yung distansiya sa mga restaurants ay maganda naman 'no.

[Next, please.]

Okay. So, ayan po, sa Parañaque, sa Manila, sa Pasig, iyon pong mga restaurants ay talagang may mga capacity po sila sa indoor at sa outdoor, we make sure talagang they really conform with the capacities po.

[Next, please. Next. Okay. Next, please.]

Ngayon po, iyon pong pagbabakuna naman po kung mapapansin po natin sa mga bata, puro ospital po. Sa ngayon po noong October 21 ay 9,900 'no. Ito po 'yung mga batang may comorbidities. Pero may isang lugar po, hindi po ginawa sa ospital, ito ay sa mall.

[Next, please.]

Ito po 'yung sa Mandaluyong po, sa Megamall 'no. Ito po 'yung mga bata, ang nabakunahan po rito as of now ay 456 children at ikinagagalak ko pong i-report na ni-isa po ay walang reported serious adverse effect po sa mga bata 'no. Kaya napakaganda po nang bakunahan sa mga batang with comorbidities.

[Next, please.]

Ngayon, mapunta naman po tayo sa traffic po sa Kamaynilaan, Mr. President, 'no. Hindi pa ho sinususpinde namin po ang number coding sapagkat kung titignan po natin ang pie po rito, ang atin pong mga bus ay halos one percent lang po. Ayan po ay public transport natin. Karamihan po sa atin ay talagang may kotse dito po sa Kalakhang Maynila. Ito po ay --- ito po sa --- sa ano average daily traffic.

[Next, please.]

Ito naman po 'yung sa EDSA. Kung makikita po natin ang kotse sa EDSA, halos 59 percent po. Again, ang mga bus po ay one percent. Kung isususpinde po namin ang number coding, iyon pong mga may kotse ay baka sumiksik po sa ating mga buses. Eh ngayon po ay talagang hindi pa naman po normal po ang ating mass transport ngayon 'no --- ang ating mass transport kaya po inaayos pa, baka po makadagdag pa ho sa

paghahawa. Kaya mas minabuti po namin ay huwag po --- isuspinde ho muna ang number coding dahil po... *[Next, please.]*

Ito po, sa EDSA po, ang volume noong pre-pandemic ay 405,000. Ito po ay kinuha noong July 2019. Pero noong kumuha po kami ng volume count, ito lamang October 19, halos naglabasan na ho ang mga kotse. Naging 398,000 na po, talagang nagsiksikan na po. Pitong libo na lang ang difference. Pero ito po ang good news...

[Next, please.]

Maski po dumami na po ang kotse, still sinukat pa rin po namin ang travel time. Bago po mag-pandemya, from Monumento to Roxas Boulevard ay 11 kilometers per hour. This is before pandemic, mga dalawang oras po.

Sa ngayon po, ang truck ban suspension, ito po sa dilaw po makukumpara po natin, hindi ho namin siya sinususpende dahil napansin namin kung spread out ang mga buses, ang mga trucks ngayon, mas mabilis ang biyahe nila at saka mas marami po silang ikot na nagagawa.

So kung ma-iko-compare niyo po ito, iyong January noong pre-pandemic at noong ngayon pong second quarter during GCQ pa ha, hanggang ngayon po, mas mabilis pa ho talaga ang truck at mas maraming nagagawa. At least po naii-spread ang traffic at the same time po ay sila po ay nakakatulong sa ekonomiya.

[Next, please.]

Ngayon, gusto ko lang pong idagdag, Mr. President, sa ngayon po ay mayroon na po tayong 17 million doses sa Metro Manila. Ito po ay mga 85 percent ay dalawa lang po ang doses dito po sa Metro Manila. At tutulong po kami sa sinasabi po ni Sec. Vince at ni Sec. Charlie, at ni Sec. Año, ang mga Metro Manila mayors sa pagbabakuna po sa mga kapitbahay po namin.

Naghahanda na po kami, nag-meeting po kami kanina ng mga Rotary Clubs, ng mga Philippine Dental Association, at sumulat na po ang Philippine Regulatory --- Professional Regulatory Commission na papayagan na daw po nila ang mga dentista na maging vaccinator kung mayroon daw emergency order na galing sa DOH. Iyon na lang po ang kailangan. Hindi na daw ho kailangan i-amend ang batas at napakarami pa pong manpower na ibibigay po ito.

So, we are --- we are going to "Vax as One" po dito sa Metro Ma --- tutulong po kami sa aming mga kapitbahay. Iyon lang po, Mr. President. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Can we hear Secretary Nograles?

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maayong adlaw, Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea; mga kasamahan natin sa Gabinete; mga kababayan.

Ire-report ko po, Mr. President, ang notable accomplishments ng Film Development Council of the Philippines (FDCP) na alam po natin ay nasa ilalim po ng inyong tanggapan ng Office of the President.

Ang FDCP po ang responsable sa mga film policies and programs para sa economic, cultural, and educational development ng Philippine film industry o mga pelikulang pilipino.

Kabilang na diyan iyong production, distribution, at exhibition ng pelikula at ang pag-upgrade ng skills ng Filipino talents, ang participation natin sa mga foreign film markets, at international film festivals para tayo po ay maging globally competitive, at kabilang na rin po diyan 'yung preservation and protection ng mga pelikulang Pilipino para sa ating national and cultural heritage.

Siyempre alam po natin, Mr. President, kaya natin nire-report ito dahil isa sa mga talagang apektadong --- pinakaapektadong industriya dahil sa COVID-19 ay ang film industry gawa ng ang local film industry ay very dependent sa revenue niya sa mga cinemas. Kanya nga po noong dumating itong COVID sa bansa ay nakita po natin na 1/4 lang po or 25 percent ng film production companies ay nag-resume po ng kanilang pag-produce ng mga pelikula dahil tumaas po 'yung cost at nakita po natin na ang estimated ay 760,000 film workers and audio visual workers ay naging apektado dahil sa COVID-19.

Kaya iyong FDCP po ay gumawa ng mga COVID-19 intervention programs bilang pagtugon at pag-assist sa mga displaced na mga film and audio visual workers kabilang dito 'yung mga programang Safe Filming para ma-ensure ang safety measures habang nag-resume ang pag-produce ng mga pelikula.

Iyong FDCP National Registry na online, registry system, at ang Good Job Vaccination Campaign para sa mga film workers at iyong Disaster Emergency Assistance and Relief para sa mga apektado na mga film workers.

[Next, please.]

Sa pamamagitan ng mga programang ito ay 1,115 productions ay nasuportahan at natulungan sa Safe Filming program ng FDCP.

Nakapagbigay din po ng financial aid sa 5,000 workers sa pamamagitan ng tulong ng FDCP at karagdagang 2,867 workers sa tulong po ng Department of Labor and Employment.

Nakapagrehistro rin po ng 6,000 mahigit na film and audio-visual workers sa National Registry System para ma-identify kung sino 'yung dapat tulungan, at 4,970 individuals mula sa film industry ay nabakunahan.

[Next slide.]

At para po matulungan 'yung tuloy-tuloy na production ng pelikulang Pilipino or mga pelikula dito sa ating bansa ay sinusuportahan din ng FDCP itong financial incentives for film production sa pamamagitan ng co-production with foreign filmmakers. Itong Film Location Incentive Program (FLIP) ay isang pamamagitan para po mag --- makapag-jumpstart ng local service ng film industry sa pamamagitan nang pagbibigay ng incentives sa mga foreign production shooting in the Philippines.

At nandiyan rin po 'yung International Co-Production Fund at ASEAN Co-Production Fund. So incentives po ito ng mga foreign production companies ay pumunta ng bansang Pilipinas at ito'y nakakatulong sa film production, post production, animation services halimbawa sa industriya ng filmmaking dito sa bansang Pilipinas.

At mayroon din pong ginawa na CREATEPHILMS. Ito naman po ay incentives para sa mga local film production, post production and film distribution, script development, project development na ginagawa naman ng FDCP para sa mga local filmmakers.

[Next slide.]

At dahil dito sa mga incentives na ito ay nagkaroon po tayo 21 projects sa pamamagitan ng international incentives at sa local --- sa pamamagitan ng local incentives nagkaroon ng 50 projects po kahit na nasa gitna tayo ng pandemya.

[Next slide.]

Ang contribution po ng mga film productions na `yan ay nakapagbigay po ng production spend in the Philippines na mahigit 1 bilyon. So ito po'y napunta at naibalik sa ekonomiya ng ating bansang Pilipinas at mas importante na nakapagbigay ng trabaho sa mahigit 1,300 Filipino employees dito sa industry ng film.

[Next slide.]

Tungkol naman po sa upskilling at reskilling ng ating film industry sector ay --- at ang project and talent development support na ginagawa ng FDCP ay marami pong mga projects. Katulad ng FDCP Film School, `yung International Film Industry Conference at International Film Studies Assistance Program.

At nagkaroon din po ng mga intensive na film labs tulad ng Full Circle Lab Philippines, isang international lab created to internationalize Filipino film projects; nandiyan din po `yung Southern Voices Lab para masuportahan ang deve --- at ang development ng Mindanaoan filmmakers; ang Sine Kabataan Short Film Competition para sa mga young filmmakers; at ang Mit Out Sound, ito `yung international silent film lab para sa production ng silent films.

Nagkaroon din po nang maraming mga workshops *[next slide]* ang FDCP, mga local and international speakers, nakapag-benefit ng 11,000 participants mahigit, 11,600 participants and supported 130 projects for development and production.

[Next slide.]

Iyong talagang naapektuhan ng COVID-19 ay `yung distribution ng film. So ang ginawa po ng FDCP dahil sa pagsara ng mga cinemas ay nag-online na lang po at gumamit ng mga online streaming platforms katulad nitong FDCP Channel na na-create po para magkaroon ng access ang ating mga kababayan sa Filipino films.

Iyong Pista ng Pelikulang Pilipino ay nag-shift na po sila sa virtual platform. Nagkaroon din po ng Film Development Assistance Program to support 21 regional film festivals to feature mga regional films.

At itong pinakabagong development, `yung collaboration with Netflix. Alam naman po natin ang mga kababayan natin ay mahilig sa Netflix kaya nga po sa pamamagitan ng collaboration with Netflix ay as of year 2021, 82 Filipino films, mga pelikulang Pilipino na po ay naipasok na po natin sa platform ng

Netflix. At kasalukuyan ay ongoing po 'yung talks with Warner, HBO and Amazon para makapag-produce din po nang karagdagang mga localized content with the Philippines.

At tuloy-tuloy 'yung pakikipag-ugnayan din ng FDCP sa ating mga embahada, sa mga Philippine embassies natin para mag-organize ng Filipino Film Festivals doon sa kanilang area of responsibility. Iyong Philippine Embassy Assistance Program at International Festivals para maglagay ng spotlight on the Philippines, on Filipino films.

[Next slide.]

From 2020 to 2021, kahit nasa gitna tayo ng pandemya, nagkaroon po ng mga 453 films through local distribution platforms, 276 films showcased in international platforms at nag-participate tayo sa 16 international film festivals, and 13 international film markets.

And finally, *[next slide]* para sa preservation ng ating film heritage, nandiyan po 'yung Philippine Film Archive (PFA). Tuloy-tuloy pa rin po 'yung trabaho na ginagawa ng Philippine Film Archive natin. Currently, we're maintaining 30 --- mahigit 32,000 film elements.

Mula 2020 to 2021 ay nagdi-digitize din po tayo ng 319 titles at nakapag-restore ng anim na significant classic films or pelikulang Pilipino katulad ng "Manila By Night" ni Ishmael Bernal, "Brutal" ni Marilou Diaz-Abaya, "Atsay" ni Eddie Garcia, "Dalagang Ilocana" ni Olive La Torre, "Maalaala Mo Kaya?" ni Mar S. Torres, at ang "Moises Padilla Story" by Gerry de Leon.

Iyong PFA rin po natin ay officially accepted na po as an associate member ng FIAF or International Federation of Film Archives. Last 2020, ito po iyong pinakamalaki at pinakaimportanteng international organization on film archiving.

Mr. President, bilang isa sa mga industriya na may malaking naitulong sa ating ekonomiya ngunit lubhang naapektuhan, patuloy pa rin po ang pagbibigay ng FDCP ng suporta lalo na sa mga maliliit na mga manggagawa at gumagawa ng mga pelikula.

Sa harap nang maraming limitasyon, patuloy pa rin ang pagserbisyo publiko ng council na ito bilang kabahagi nito sa pagbangon muli ng industriya at paghahanda sa tuluyang pagbubukas nang mas maraming film at pelikulang Pilipino habang patuloy na tinitiyak ang kaligtasan ng ating mga manggagawa.

May prinipare po silang short video para lubos nating maintindihan ang accomplishments po ng FDCP. Panoorin po natin ito.

[plays video presentation]

Iyan lang po, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you.

Ang naiwan dito except Vince Dizon, if you have something to say.

TESTING CZAR VIVENCIO "VINCE" DIZON: Mr. President, Mayor. Magandang gabi po.

Very quickly lang po, Mayor, just to emphasize the points of Secretary Galvez that last Friday, the meeting with the priority regions, provinces, and cities went very well. Very clear po ang instructions ni Secretary Año at ni Secretary Galvez, ni Sec. Duque.

At nakakita na po tayo nang kaunting pagganda sa mga numero ng ating pagbabakuna. Noon pong Friday, nag-hit po tayo ng new records: 724,000 mahigit ang nabakunahan. And hopefully po in the coming days and weeks, tumaas na po nang tumaas ito.

The second thing lang po, we just want to inform you, Mr. President, that tomorrow, in coordination with CabSec Karlo Nograles, Secretary Galvez and myself will be presenting for approval to the IATF the opening up nationwide of the 12- to 17-year-old vaccinations para po maproteksyunan na po natin ang ating mga children for reasons mentioned by Secretary Galvez earlier. So by tomorrow po, after tomorrow, hoping for the IATF's approval, this will already commence after tomorrow, Mr. President.

Maraming salamat po, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: So, thank you, Vince. That's about it.

Maraming salamat sa mga kababayan natin na nanood sa atin. *[applause]*

--- END ---